

Binago noong Enero 19, 2022

Mahal naming mga Administrador ng Paaralan sa Santa Clara County,

Salamat sa lahat ng inyong ginagawa upang matulungan ang ating komunidad na manatiling ligtas upang makapagpatuloy ang mga bata sa personal na pag-aaral. Talagang pinapahalagahan namin ang lahat ng inyong mga pagsisikap na baguhin ang mga kapaligiran ng inyong paaralan at ang pang-araw-araw na gawain upang mabawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19 at makaligtas ng mga buhay.

Pagbubukod mula sa Paaralan

Ayon sa California Department of Public Health (CDPH), ang mga taong may mga sintomas na katulad sa COVID-19 o nasuring positibo sa COVID-19 at ilang mga indibidwal na natukoy na nalantad sa COVID-19 ay dapat maatasan na manatili sa bahay, tulad ng iniutos ng kasalukuyang patnubay sa pagbubukod, at **hindi dapat** personal na dumalo sa paaralan o sa trabaho.

Kung ang estudyante o kawani, na hindi nakipagsalamuha nang malapitan sa isang kumpirmadong kaso ng COVID-19, ay may mga sintomas na katulad ng COVID na maaaring karaniwan sa iba't ibang mga sakit, ang tao ay dapat ibukod mula sa paaralan hanggang masuri.

Ang mga indibidwal na nasuring *positibo* sa COVID-19 ay maaaring magbigay ng dokumentasyon ng kanilang positibong resulta ng pagsusuri upang ipahiwatig ang kanilang pangangailangan para mabukod mula sa personal na pag-aaral sa panahon ng kanilang pagbubukod.

Kung ang resulta ng pagsusuri ay *negatibo*, ang estudyante o miyembro ng kawani na may mga sintomas ay dapat manatili sa bahay hanggang 24 na oras ang nakalipas mula nang gumaling ang anumang lagnat (nang hindi gumagamit ng mga gamot na nakakabawas ng lagnat) at bumuti ang iba pang mga sintomas. Ang negatibong resulta ng pagsusuri ay dapat ibigay sa paaralan.

Ang mga taong natukoy bilang nakipagsalamuha nang malapitan sa isang kumpirmadong kaso sa nakakahawang panahon ng kaso ay dapat sumunod sa partikular na patnubay sa pagkuwarantina na ibinigay ng paaralan, alinsunod sa [mga rekomendasyon sa pagkuwarantina ng CDPH para sa mga estudyante](#) at mga kinakailangan ng [Cal/OSHA](#).

Kapag nalaman na ang empleyado o estudyante ng paaralan ay inatasan na magbukod o magkuwarantina, hinihikayat kayo na magbigay ng access sa sick leave, telework, suporta sa distance learning, at iba pang mga akomodasyon, na hindi mangailangan ng dokumentasyon mula sa isang doktor o nars.

Mga Pamantayan sa Pagbabalik sa Trabaho para sa mga Kaso ng COVID-19 para sa mga Manggagawa na wala sa Healthcare

Ang isang indibidwal na nasuring positibo sa COVID-19 ay maaaring bumalik sa paaralan kung:

- hindi bababa sa 5 araw na ang nakalipas mula nang magsimula ang kanilang mga sintomas (o, kung walang mga sintomas, hindi bababa sa 5 araw simula ng petsa na nakolekta ang kanilang positibong pagsusuri sa COVID-19), AT
- bumuti na ang kanilang mga sintomas, AT
- hindi bababa sa 24 na oras na ang lumipas mula sa kanilang huling lagnat, nang hindi gumagamit ng mga gamot na nakakabawas ng lagnat, AT
- negatibo ang nakolektang pagsusuri* sa COVID-19 sa ika-5 araw o mahigit pa

**Mas mabuti kung Antigen Test*

Kung hindi sila pumapayag o hindi makapagpasuri sa ika-5 araw o mahigit pa, o kung ang kanilang pagsusuri sa ika-5 araw ay positibo, dapat silang patuloy na magbukod hanggang sa ika-10 araw. Ang 0 na araw ay ang petsa na nagsimula ang sintomas o ang unang positibong pagsusuri (kung walang mga sintomas), alinman ang nangyari nang mas maaga. Kung mayroon pa ring lagnat o ang iba pang mga sintomas ay hindi bumubuti, ipagpatuloy ang pagbukod hanggang wala nang lagnat ng 24 na oras at ang mga sintomas ay bumubuti.

Mga Pamantayan para sa Pagbabalik sa Paaralan para sa mga Hindi Nabakunahang mga Nakipagsalamuha ng Malapitan sa COVID-19

Ang isang estudyante na hindi nabakunahan, walang mga sintomas na nakipagsalamuha nang malapitan sa isang taong nasuring positibo sa COVID-19 ay maaaring bumalik sa paaralan kapag ang plano sa pagkuwarantina, na binalangkas ng paaralan, ay nakumpleto. (Para sa karagdagang detalye, tingnan ang [Patnubay sa Pagbukod at Pagkuwarantina sa K-12 ng CDPH](#).) Ang isang negatibong resulta, mula sa pagsusuri na nakuha sa/pagkatapos ng ika-5 araw pagkatapos ng pagkakatad, ay kailangang ibigay sa paaralan para tapusin ang pagkuwarantina nang mas maaga kaysa sa 10 araw.

Edad ng mga Estudyante < 18 na Ganap na Nabakunahan

Kung ang isang estudyante na hindi pa 18 taong gulang na ganap na nabakunahan at nakipagsalamuha nang malapitan sa isang taong may COVID-19, HINDI sila kailangang magkuwarantina kung natutugunan nila ang LAHAT ng mga kondisyon na nakalista sa ibaba:

- Ang nakipagsalamuha nang malapitan ay ganap na nabakunahan (2 linggo ang nakalipas pagkatapos ng huling dosis ng pangunahing serye).
- Wala silang mga sintomas ng COVID-19 mula ng kasalukuyang pagkakatad. (Kung ang indibidwal ay may mga sintomas ng COVID-19, dapat silang magbukod at magpasuri kaagad.)

Kung ang estudyante ay hindi nakakatugon sa PAREHONG mga pamantayang ito, dapat silang manatili sa bahay at sumunod sa naaangkop na patnubay para sa mga hindi nabakunahan at/o may mga sintomas na mga estudyante.

Bilang karagdagan, ang mga ganap na nabakunahang tao ay dapat masuri 2-5 araw kasunod ng napag-alamang pagkakalantad sa isang taong pinaghihinalaan o kumpirmadong may COVID-19 at magsuot ng maskara sa mga panloob na lugar ng 10 araw. Dapat silang magbukod kung nasuri silang positibo.

Pagsusuri

Parehong positibo at negatibong resulta ng pagsusuri ay dapat ibigay sa paaralan. Ang PCR test o iba pang nucleic acid amplification test (NAAT), pati na rin ang isang antigen test o Over-the-Counter at-home test, ay tinatanggap para sa pag-diagnose ng COVID-19 o para tapusin ang pagkuwarantina. Gayunpaman, inirerekomenda na ang isang antigen test ay gagamitin para tapusin ang pagbubukod. Ang mga nakipagsalamuha nang malapitan na nahawaan ng SARS-CoV-2 sa loob ng 90 araw bago ang kanilang kasalukuyang pagkakalantad ay dapat ding gumamit ng antigen test.

Mga Medikal na Sulat at Clearance

Pareho ang CDC at ang Departamento ng Pamublikong Pangkalusugan ng Santa Clara County (PHD) **ay hindi naghihikayat sa mga employer at mga paaralan na mangailangan ng isang medikal na sulat para sa clearance upang bumalik sa trabaho o paaralan pagkatapos ang isang indibidwal ay nagkaroon ng COVID-19.** Ang mga sulat na ito ay lumilikha ng mga hindi kinakailangang paghihirap para sa mga empleyado at estudyante at kanilang mga provider. Ang mga empleyado at estudyante ay itinuturing na hindi na nakakahawa kapag natutugunan nila ang mga pamantayan na inilarawan sa itaas.

Ang inyong empleyado o estudyante na nagkaroon ng, o nakasalamuha nang malapitan ng isang taong may COVID-19 ay maaaring mag-print ng sulat na ito upang: 1) ipahiwatig ang pangangailangan na magbukod (kapag may kasamang isang positibong resulta ng pagsusuri) o magkuwarantina (kasama ang pasalita o nakasulat na abiso ng pagkakalantad), 2) ipakita ang katunayan na maaari silang bumalik sa trabaho o paaralan hangga't natutugunan nila ang mga pamantayan sa itaas (higit na idinetalye sa sccgov.org/schools).

Salamat sa lahat ng inyong ginagawa upang mapanatiling malusog ang ating komunidad.